# NIC Nihonggo Class para sa mga Bata



✐Ang Nagoya International Center (NIC) ay magkakaroon ng nihonggo class para sa mga bata. Ang mga kursong ituturo ay para sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay maging sa paaralan. Hinihikayat ang lahat ng mga bata na sumali sa nasabing programa upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Hapon.

**Mga pwedeng lumahok**: Mga batang angkop sa kahit isa mula sa mga nakalista sa ibaba.

① Para sa mga batang may edad 6 –15 taong gulang na hindi pangunahing wika ang nihonggo. Mga batang sakop ng programa: **Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2009 hanggang Abril 1, 2018**.

② Mga batang ipinanganak bago mag-Abril 2, 2009 at kasalukuyang nag-aaral sa Junior High School.

※Subalit, tungkol sa ② ang mga batang nasa Junior High School Evening Class ay mapapabilang sa NIC Nihonggo Class para sa mga Kabataan na High School.

※Binibigyang prayoridad ang mga nakatira sa Nagoya City at pumapasok o mga may planong pumasok sa isang pampublikong paaralan ng elementarya/junior high school sa Nagoya City.

**Panahon:** Mula Mayo 19 (Linggo) hanggang Hulyo 21 (Linggo) 2024, tuwing Linggo mula 10:00am hanggang 11:30am

**Lugar:** Nagoya International Center 3rd Floor Training Room; 5th Floor Conference Room

**Bayad:** 1000 Yen (10 beses lahat)

**Bilang ng batang tatanggapin:** 50 katao (First come, first served) ※ 20 katao grade 1 ~ grade 3 sa elementarya, 10 katao grade 4 ~ grade 6 sa elementarya, 20 katao sa Junior high school

**Aplikasyon:** **Mag apply sa application form mula sa website.**

**Panahon ng tanggapan ng aplikasyon:**

Mula Abril 17 (Miyerkules) 10:00am hanggang Mayo 1 (Miyerkules) 12:00noon taong 2023

※Tiyaking mag-apply mula sa Website Form habang nasa panahon ng tanggapan ng aplikasyon

※Kapag umabot na sa kapasidad, ilalagay kayo sa waiting list para kung sakaling may magkansela Hindi makakasali sa klase maliban kung may bakante sa kapasidad.

※Kapag hindi umabot sa kapasidad, ang panahon ng tanggapan ng aplikasyon ay pahahabain

・Petsa at oras ng panayam: Mayo 12, (Linggo) 2024 mula 10:00 a.m.

・Lugar ng panayam: Nagoya International Center 4F, Lecture Room 3

※Mangyaring punan ang application form mula sa WEB kasama ang mga magulang.

※Maaaring tumawag sa telepono ang mga nahihirapan sa aplikasyon gamit ang website.

**Supported by the Nagoya Board of Education**

Harap

Dalhin ito sa oras ng panayam at pagbabayad.

Kung naiintindihan at pumapayag kayo sa mga nakasulat at pinapayagan ang inyong anak na pumasok sa NIC Nihonggo Class para sa mga Bata, pumirma lamang po ang magulang.

Pangalan ng Bata:____________________ Lagda ng Magulang: ________________________

# Para sa mga Magulang/ Tagapangalaga ng bata

**Basahin po muna bago mag-apply:**


1. Ang layunin ng kursong ito ay turuan ang mga bata ng wikang Hapones sa kanilang pangangailangan sa pamumuhay at sa paaralan. Hindi upang tumaas ang grado ng inyong mga anak sa paaralan.
2. Hanggang 60 katao lamang ang maaaring sumali sa klase. (First come, first served)

## NIC Nihonggo Class para sa mga Bata　Mga bagay na dapat tandaan

☆ Sa araw ng interview samahan ang bata sa venue. Ngunit, upang maiwasan ang pagtitipon ng maraming tao, 1 tao lamang ang maaaring sumama sa bata.
☆ Padalhin ng inumin ang inyong anak..
☆ Ang Paghatid/Pagsundo sa mga bata ay responsibilidad ng mga magulang. Hindi responsibilidad ng Nagoya International Center kung anumang aksidente ang mangyayari.
☆ Kapag may bagyo o anumang kalamidad,maaaring makansela ang mga klase. Kayo ay makakatanggap ng mail mula sa Nagoya International Center.

Para sa katanungan,makipag-ugnayan sa
Nagoya International Center (NIC)

Sarado tuwing Lunes
TEL(052)581-5689
FAX (052)581-5629
e-mail: vol@nic-nagoya.or.jp




Likod

**学校の先生方へ（お願い）**

この教室は、名古屋国際センターが名古屋市の指定管理事業として実施する事業で、日本語を母語としない子どもたちが学校での生活を心配なく送ることができるよう日本語の学習を支援しています。学習者を受け入れるにあたり、一人ひとりの日本語力や課題を知るために、先生方のご意見・ご助言をお願いします。

学習者のできること、課題について、先生のご所見を保護者の了解をとったうえでご記入頂ければ幸いです。

※ご記入頂いた内容は事業以外の目的には使用しません。

**Pakiusap sa Guro ng Paaralan:**

Bilang isang organisasyon na namamahala ng mga gawaing pang-international ng Lungsod ng Nagoya, ang Nagoya International Center ay magkakaroon ng nihonggo class para sa mga bata na ang pangunahing wika ay hindi wikang Hapon. Layunin ng klaseng ito ay mapaunlad ang mga kakayahan ng mga bata sa wikang Hapon para sa kanilang pag-aaral at sa pang araw-araw na gawain. Sa proseso ng aplikasyon, aming susuriin ang kasalukuyang kakayahan sa wikang Hapon ng bawat bata. Upang malaman ito, aming tatanungin ang kanilang sariling guro para sa kanilang mga opinyon at payo. Siguraduhin na nabigyan ng pahintulot ng mga magulang bago ipasulat sa guro ang kanilang opinyon tungkol sa kakayahan ng bata sa wikang Hapon.

※　Hindi layunin na gamitin ang nilalaman ng nakasulat dito maliban sa klase.

学校名　　　　　　　　　　先生のお名前